**CATMON INTEGRATED SCHOOL**
San Jose, Catmon, Cebu

# MODYUL
# SA
# FILIPINO SA PILING LARANG (AKADEMIK)

## MODYUL 1
## ANG PAGSUSULAT

**I. Introduksyon:**

Ang modyul na ito ay inihanda upang maging gabay ng guro at mag-aaral sa mga paksang tatalakayin, mga gawaing isasagawa at mga pagsusulit na ibibigay sa bawat paksang matatalakay. Ang modyul 1 ay

kinapapalooban ng Apat (4) mahahalagang paksa. Ito ay ang sumusunod: Ang Pagsusulat, Layunin at Kahalagahan ng Pagsulat, Mga Gamit o Pangangailangan sa Pagsulat at Mga Uri ng Pagsulat (Ang Akademikong Pagsulat). Sa bawat mahahalagang paksa, kakikitaan din ito ng mga katulong na paksa upang mas mapalalim at mapalawak pa ang pag-unawa sa bawat paksang kalakip ng modyul na ito. Mayroon ding mga inihandang gawain sa bawat paksang tatalakayin na ang pinakadahilan ay upang maibigay sa mga mag-aaral ang kasanayan sa pagpapalalim at pagpapalawak sa mga talakayan. Ang panghuli naman ay ang pansariling pagtataya ng mag-aaral. Hangad ng modyul na ito na matamo ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na kasanayang pampagkatuto:

1. Nabibigyang kahulugan ang akademikong pagsulat.
2. Nakikilala ang iba't ibang akademikong sulatin ayon sa: (a) layunin (b) Gamit (c) Katangian (d) Anyo
3. Nakapagsasagawa ng panimulang pananaliksik kaugnay ng kahulugan, kalikasan, at katangian ng iba't ibang anyo ng sulating akademiko
4. Nakasusulat nang maayos na akademikong sulatin.
5. Nakasusunod sa istilo at teknikal na pangangailangan ng akademikong sulatin.

**II. Paunang Pasulit.**

**Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pahayag at bilugan ang tamang sagot.**

1. Ito ay artikulasyon ng mga ideya, konsepto, paniniwala, at nararamdaman sa paraang nakalimbag.

   A. Pakikinig B. Pagbabasa C. Pagsasalita **D. Pagsusulat**

2. Anyo ng Pagsulat na nagbibigay-linaw sa mga pangyayari, sanhi at bunga, at pagbibigay ng mga halimbawa.

   A. **Paglalahad** B. Paglalarawan C. Pagsasalaysay D. Pangangatwiran

3. Anyo ng Pagsulat na nakapokus sa pagkakasunod-sunod ng daloy ng mga pangyayaring aktwal na naganap.

   A. Paglalahad B. Paglalarawan **C. Pagsasalaysay** D. Pangangatwiran

4. Anyo ng Pagsulat na nagpapahayag ng katwiran o opinion o argumentong pumapanig o sumasalungat sa isang isyung nakahain sa manunulat.

   A. Paglalahad B. Paglalarawan C. Pagsasalaysay **D. Pangangatwiran**

5. Anyo ng Pagsulat na nagsasaad ng obserbasyon, uri, kondisyon, palagay, damdamin ng isang manunulat hinggil sa isang bagay, tao, lugar, o pangyayari.

   A. Paglalahad **B. Paglalarawan** C. Pagsasalaysay D. Pangangatwiran

## I. Unang Paksa

**A. Pamagat: Ang Pagsusulat**

**B. Layunin:** Sa tulong ng mga kagamitang panturo at mga ininhandang gawain, ang mga mag-aaral ay inaasahang;

a. Natutukoy ang kahulugan at kahalagahan ng pagsulat.
b. Naipapakita ang pagpapahalaga sa proseso ng pagsulat.
c. Nakabubuo ng mga talata batay sa (a) layunin (b) gamit (c) katangian (d) anyo
d. Naisapuso ang kahulugan ng pagsulat ng akademikong sulatin

**C. Nilalaman**

**ANG PAGSUSULAT**

- Ang PAGSUSULAT ay nagsisilbing libangan sapagkat sa pamamagitan nito ay naibabahagi nila sa iba ang kanilang mga ideya at mga kaisipan.
- Ang proseso ng pagsulat ay mahahati sa iba't-ibang yugto, (a) ***Prewriting (b) Writing (c) Revising (d) Editing.*** Ang isang manunulat ay maaaring bumalik sa unang yugto, ang prewriting at magsagawa ng karagdagang pananaliksik. Matapos ang editing, ang ikaapat na yugto, ang manunulat ay maaring bumalik sa yugto ng rebisyon. Revising, ito ay proseso ng pagbabasang muli sa burador nang makailang ulit para sa layuning pagpapabuti at paghuhubog ng dokumento, at ang editing, ay ang pagwawasto ng mga posibleng pagkakamali sa pagpili nga mga salita, ispeling, grammar, gamit at pagbabantas. Ang editing ang pinakahuling yugto sa proseso ng pagsulat.
- May ibat-ibang uri ng pagsulat, ito ay ang ***Malikhaing Pagsulat, Teknikal na Pagsulat, Propesyunal na Pagsulat, Dyornalistik na Pagsulat, Reperensiyal na Pagsulat, at Akademikong Pagsulat.***
- Ang kakayahan sa pagsulat ay isa sa mga makrong kasanayan na dapat malinang sa isang indibidwal, at isa rin sa mga dapat pagtuonan ng pansin na malinang at mahubog sa mga mag-aaral sapagkat ditto masusukat ang kanilang kahandaan at kagalingan sa iba't ibang disiplina. Sa mga makrong kasanayan tulad ng pakikinig, pagbabasa at panonood madalas ang isang indibidwal na gumagawa nito ay kumukuha o nagdaragdag ng mga kaalaman sa kanyang isipan.
- Ang akademikong pagsulat ay nangangailangan ng mas mahigit na tuntunin sa pagbuo ng sulatin.

**D. Mga Gawain**

**Gawain blg. 1: PAGBUO NG AKROSTIK**

1. Sumulat ng pangungusap upang makabuo ng sariling pagpapakahulugan sa salitang PAGSULAT

   **P-**

   **A-**

   **G-**

   **S-**

   **U-**

   **L-**

   **A-**

   **T-**

2. Bakit mahalaga ang wika sa paglinang ng kasanayang pagsulat?

3. Paano nakatutulong ang pagsulat sa paglinang sa katalinuhan ng tao?

**Gawain blg. 2: PAGSULAT NG SANAYSAY**

Panuto: Basahin at unawaing mabut. Bumuo ng isang sanaysay, apat na talata at bawat talata ay kinapapalooban ng apat na saknong.

1. Ano ang kahalagahan ng pagsulat sa buhay ng isang tao?

**Pamantayan sa Pagwawasto/ Pagmamarka ng gawaing Pasulat**

| **Krayterya** | **PINAKAMAHUSAY**<br>**10** | **MAHUSAY**<br>**7** | **PAGBUTIHIN PA**<br>**3** |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Nakapagsusulat at nakapagtatalakay nang sapat na nilalaman sa isang kawili-wiling paraan at may kakayahang magpaliwanag. | Sapat ang pagtatalakay sa nilalaman ngunit kapos sa mas malinaw na pagpapaliwanag ng nakatalagang paksa. | Hindi sapat ang nilalaman ng sulatin at hindi nakapagpalawig sa pagtalakay ng paksa. |
| **Pagsasaayos ng mga ideya** | Gumamit ng estilo sa pagsulat nang may kahusayan; may kakayahang gumamit nang wastong salita at gramatika. | May estilo sa pagsulat at marunong pumili nang wastong mga salita subalit may ilang mga pagkakamali at pagkukulang sa pagsunod sa gramatikang Filipino. | Mali ang gamit ng mga salita at may kalituhan sa pagsunod sa panuntunan ng gramatikang Filipino. |
| **Kabuuan ng mga ideya** | Mabisa ang kaisipang inilahad gamit ang wastong *cohesive devices.* | May katamtamang bisa ang kaisipan bunsod nang magilan-ngilang wastong *cohesive devices.* | Hindi naging mabisa ang kaisipang inilalahad bunsod ng kawalan ng paggamit nang wastong *cohesive devices.* |
| **Kalinisan** | Malinis ang pagkasulat na walang pagbubura | Malinis ang pagkakasulat na may isang pagbubura | Malinis ang pagkasulat na may 2-3 pagbubura |

**E. Applikasyon/ Paglalapat**

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang katanungan.

1. Bakit mahalaga ang paggamit ng akademikong Filipino sa pagsulat?
2. Bakit mo kailangang isapuso ang mga impormasyong iyong isninusulat?

| **Krayterya** | **PINAKAMAHUSAY**<br><br>**3** | **MAHUSAY**<br><br>**2** |
|---|---|---|
| **Nilalaman** | Nakapagsusulat at nakapagtatalakay nang sapat na nilalaman sa isang kawili-wiling paraan at may kakayahang magpaliwanag. | Sapat ang pagtatalakay sa nilalaman ngunit kapos sa mas malinaw na pagpapaliwanag ng nakatalagang paksa. |
| **Pagsasaayos ng mga ideya** | Gumamit ng estilo sa pagsulat nang may kahusayan; may kakayahang gumamit nang wastong salita at gramatika. | May estilo sa pagsulat at marunong pumili nang wastong mga salita subalit may ilang mga pagkakamali at pagkukulang sa pagsunod sa gramatikang Filipino. |
| **Kabuuan ng mga ideya** | Mabisa ang kaisipang inilahad gamit ang wastong *cohesive devices.* | May katamtamang bisa ang kaisipan bunsod nang magilan-ngilang wastong *cohesive devices.* |
| **Kalinisan** | Malinis ang pagkasulat na walang pagbubura | Malinis ang pagkakasulat na may isang pagbubura |